# Teknolohiyang Nakakatipid sa Pagpapatubig ng Palay

## Kontroladong Pagpapatubig

Ang tuluy-tuloy at malalim na pagpapatubig ay nakasasama sa palay. Magastos na, maaari pang tamaan ng iba't-ibang sakit ang inyong palayan.

Ang *controlled irrigation* (CI) ay mainam na gamitin upang mapababa ang gastusin sa pagpapatubig o irigasyon, partikular sa mga gumagamit ng bombang patubig, mapalawak pa ang lupang napatutubigan, at nakatutulong sa pagpapalaki ng mas malulusog na palay.

### Mga Benepisyo ng Kontroladong Pagpapatubig

- Nakababawas ng 16-35% dami ng tubig sa pinitak ng hindi naaapektuhan ang ani
- Nakatutulong sa magandang pagtubo ng mga punla, nakasisiguro ng pagkabuhay ng lipat-tanim, at nakapagpapaganda sa pagsuwi para sa pantay-pantay na pagtubo ng palay
- Nakatutulong na maging mas mabisa ang mga sustansya na galing sa lupa at sa ginagamit na abono
- Binabalanse ang sustansya sa lupa
- Nakatutulong sa pagkontrol ng damo at pinababababa ang pag-atake ng kuhol
- Nakatutulong upang hindi dumapa ang mga palay kapag malakas ang hangin
- Napapagaan ang pag-aani at maaaring gumamit ng mga makinarya para sa mabilis at mas mababang porsyento ng mga natatapon o nasasayang



### Matapos magtanim:

1. Panatilihin ang 2-3 sentimetrong (sm) lalim ng tubig 1 buwan mula pagkatanim. Ito ay para mabuhay ang mga itinanim na punla at makontrol ang damo. Sa lalim na ito, nababawasan ang tubig na nawawala dahil sa pagtagas o *percolation* tungo sa ilalim ng lupa.

2. Gamitin ang pamamaraan ng CI sa pamamagitan ng paggamit ng *observation well*. Ito ay ginagamit para makita ang antas o lalim ng tubig sa palayan upang malaman ang tamang panahon ng muling pagpapatubig.

## Paggawa at paglalagay ng *observation well*

1. Kumuha ng isang biyas ng kawayan na walang buko o kaya ay PVC. Putulin ito sa haba na 25 sm. Mula sa pinakaitaas na bahagi nito hanggang sa 5 sm (2 pulgada), maglagay ng paikot na marka at sulatan ng "tag-ulan". Mula sa markang "tag-ulan", sumukat muli ng 2 pulgada at lagyan ng markang "tag-araw."

2. Butasan ang kawayan o PVC ng 3 sm (mahigit isang pulgada) sa pahabang direksyon at 5 sm (2 pulgada) sa palapad na direksyon na gamit ang 3-5 milimetrong laki ng pambutas (drill bit). Ulitin ito hanggang sa bandang ilalim ng tubo.








3. Pumili ng pinitak na maaaring kumatawan sa kabuuan ng inyong bukid. Maaaring ito ay ang una hanggang ikalawang pinakamataas na pinitak.

4. Sa pinitak na napili, ang mainam na paglagyan ng *observation well* ay mga 1 hanggang 2 metro ang layo mula sa gilid upang madaling masilip ang loob nito.

5. Hawakan ang *observation well* at itulak pabaon sa lupa at hugutin ito kasama ang naipong putik sa loob.

6. Ulitin ang proseso ng pagbabaon sa lupa hanggang umabot ang *observation well* sa markang "tag-ulan" kapag tag-ulan o sa markang "tag-araw" kapag tag-araw naman.

7. Ayusin ang *observation well* nang patayo at siguraduhin na ang mga marka ay patag at pantay sa lupa.

## Paggamit sa *observation well*

1. Kapag magpapatubig kung tag-ulan, magpatubig lamang hanggang umabot sa dulo ng *observation well*. Kapag tag-araw, patubigan ang palayan hanggang umabot ng 5 sm ang lalim o umabot sa markang "tag-ulan".

2. Ulitin ang pagpapatubig kapag wala nang nakikitang tubig sa loob ng *observation well*.

Sinuri ni: Dr. Ricardo F. Orge, Climate Change Center

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.